**"HAKBANG SA KINABUKASAN"**

*by:*
**Emily S. Ng**
*Teacher I, Mariveles National High School- Malaya*

Tik. Tak. Tik. Tak. Tunog ng orasan na nagbabadya ng napipintong pagtatapos sa pulang bandila senyales ng nalalapit na pagtatapos ng laban.

Sa laro ng chess, ako'y may natutunan,

Na sa buhay, hindi palaging panalo, pero hindi rin naman palaging talo.

May mga desisyon na kahit gaano mo pa ka-kalkulado, ka-advanced at ka-detalyado ay hindi pa rin 100% na siguradong gagana ang plano.

May mga maling galaw na pwedeng maging dahilan ng pagkatalo.

Ngunit sa bawat pagkabigo, itoy pagkakataon para matuto.

Ang magandang parte ay pwede kang bumangon at muling sumubok.

Sa bawat galaw, maraming pwedeng aral na mapulot.

Kaya't masasabing ang buhay ay parang laro ng chess, upang manalo o magtagumpay sa buhay, kailangan mong gumawa ng hakbang para makamit ito.

At ang bawat hakbang ay may timbang at halaga.

Sa laro ng chess, sa taktika ng buhay, ang bawat hakbang ay nagbibigay-daan sa pag-unlad at pagbabago. Ang bawat desisyon ay tulad ng paglalagay ng piyesa sa board- may epekto at konsekwesya.

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan

Sa bawat laban at sa bawat pagkakataon, mayroong mga bagong oportunidad na naghihintay. Kailangan mo lang maging handa sa mga hamon at tanggapin ang mga pagkakamali mo, kailangan mo lang maging handa sa mga hamon at tanggapin ang mga pagkakamali mo, kailangan mo lang mag-isip ng alternatibong hakbang para lumaban kaysa magmukmok sa mga maling desisyong nagagawa.

Upang manalo o magtagumpay sa laro ng buhay, kailangan mong sumulong, kailangan mong muling humakbang.

Huwag kang susuko at hanggat hindi pa natatapos ang oras ay patuloy kang lumaban. Ang mundo ay parang chess board, ang buhay ay parang laro, at ikaw ang manlalaro. Ang bawat hakbang mo ay isang pagkakataon upang patunayan ang iyong kakayahan, upang ipakita ang iyong determinasyon, at upang abutin ang iyong mga pangarap.

Ang tanong, paano mo sisimulan ang laro at paano mo ito tatapusin? Nasa iyo ang desisyon, ikaw anong hakbang mo? Tik. Tak. Tik. Tak. Tunog ng orasan. Magpatuloy kang lumaban dahil hindi pa natatapos ang laban. At ang tagumpay ay naghihintay sa dulo ng iyong paglalakbay.!

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan

*References:*